# Pagtutuos sa Kilusang Komunista, 1940-1957: Ilang karanasan sa paglilinang ng isang lider

FERDINAND C. LLANES



ANG MGA KAGANAPAN SA PAMUNUAN ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong digmaan hanggang sa mga panahon ng pagbagsak nito ay hindi pa talagang nailalahad ng buo. Isang mahalagang dahilan nito'y ang kasalatan sa mga dokumentong maaaring pagbatayan ng pangkasaysayang diskurso sa paksaing ito. Maaaring isang dahilan din ang katunayang ilan sa nabubuhay pang mga pangunahing tauhan sa mga pangyayaring ito'y hindi pa lubos na nakapagsasalaysay dahil sa limitasyon ng paggunita o ng personal na katayuan. Kaya't isang paraan para mabuo ang larawan ng yugtong ito ng kilusang komunista sa bansa'y ang pagsisiyasat sa mga buhay at pagkilos ng iba't-ibang indibidwal na nasangkot dito. Isa na rito si Felixberto S. Olalia, Sr., na noong 1980 ay naging unang tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Sa panahon ng digmaan, si Olalia ay rehiyonal na lider ng PKP, gumanap bilang kalihim ng Manila-Rizal Bureau (MRB) nito.

Mahalagang paksaing pangkasaysayan si Olalia. Siya'y tumagal sa halos kabuuan ng kasaysayan ng kilusang

manggagawa sa Pilipinas hindi lamang bilang tagalahok kundi aktibong lider nito sa iba't ibang pagkakataon. Kung tutuusin, ang buong buhay at pagkilos niya ay maaaring magsilbing larawan na rin ng malaking bahagi ng kasaysayan ng radikal na kilusang manggagawa sa bansa. Sa PKP, si Olalia ay kabilang sa mga kasaping tumutol sa ilang mahalagang patakaran ng pamunuan nito mula noong digmaan hanggang pagkalansag ng Congress of Labor Organizations (CLO) noong mga taong singkuwenta. Inilalarawan ng pagkilos ni Olalia sa panahong ito hindi lamang ang pag-angat niya sa PKP kundi ang mga tunggalian din sa loob nito na tuwiran niyang kinasangkutan. Ito ang pinapaksa ng papel na ito.

**Ilang talang teoretikal**

Sa teoretikal na antas, ang paglalarawan ng yugtong ito ng pagkilos ni Olalia ay pumapaksa na rin sa diyalektikal na ugnayan ng indibidwal (si Olalia) at ng isang institusyon (ang PKP). Taglay ng indibidwal ang diwang dinadala ng institusyon, tulad ng ikinilos ni Olalia bilang aktibong elemento ng PKP at ng radikal na seksyon ng kilusang paggawa. Kaya't kung inilalarawan ang papel ni Olalia sa paggalaw ng PKP sa tinukoy na panahon, tinutunghayan na rin ang kabuuran at galaw ng mismong institusyon. Sa ibang pananalita, ang papel na ito ay maipapalagay ring diskurso sa institusyonal na aspekto ng pagkilos ni Olalia, isang diskursong pang-indibidwal na naglalarawan ng institusyonal na daigdig na ginagalawan ng indibidwal. Sa kabila nito, tinitingnan ang pagkalinang ng indibidwal sa konteksto ng institusyon.

Tulad ng mga pook, may mga institusyong mapagpasiya sa kasaysayan. Ang mga ito'y mistulang sinapupunan, pinaghuhulmahan ng kagawian at tunguhin ng indibidwal. Makabuluhang istruktura ang mga institusyon, sabi ni James Miller,[1] sa pagbubuod niya sa mga ideya ng isang pilosopong Pranses. Diumano, iniuudyok ng institusyon ang kagawian ng isang indibidwal sa pamamagitan ng paglalatag ng mga panuntunan at tuntunin sa pagganap sa isang papel o tungkulin sa loob nito. Aniya, "*As social action, an individual's behavior proceeds in reference to institutionalized*

*rules, norms and principles... bound to time and place.*" [Bilang panlipunang pagkilos, ang kagawian ng isang indibidwal ay nagpapatuloy kaugnay ng mga nakatatag nang mga tuntunin, kalakaran at prinsipyo... na nakatali sa panahon at lugar.]

Bilang mga istruktura, ang mga institusyo'y may pangmatagalang diwang iniiwan sa mga indibidwal. Isinasabuhay ng mga indibidwal ang pintig ng mga institusyon sa kasaysayan, sa pamamagitan ng kanilang mga kagawian at pagkilos. Ang sabi pa ni Miller,[2] *"History carries the conventional weight of custom and habit—the inertia of institution."* [Dinadala ng kasaysayan ang panlipunang bigat ng kaugalian at gawi—ang *inertia* ng institusyon.] Ito, aniya, ang batayan ng sinabi ni Karl Marx na "*second nature*", na nagtatadhana sa tunguhin ng pagkilos ng isang indibidwal. Sa madaling salita, gumagalaw ang indibidwal sa istruktural na balangkas ng mga institusyong kinapapalooban nito.

Ngunit ang tao ay hindi isang pasibong elemento sa interaksyon ng indibidwal at ng institusyon. Ang mga panlipunang aktor ay higit pa sa tagapagdala ng *structural role* sa loob ng isang institusyon.[3] Rasyonal at mapanlikha ang pagkilos ng isang indibidwal. Kanyang nililikha ang mga bagong kalagayan o posibilidad ng kagawiang indibidwal, sa balangkas nga lamang ng isang naka-istrukturang daigdig. Ang mga relasyong istruktural ay hindi lumilikha ng kagawian ng indibidwal; inilalatag ng mga kalagayang istruktural ang batayan ng pabubuo ng kagawian. Sa loob ng mga institusyon, itinatadhana ng tradisyon o kalakaran ang isang pamamaraan ng pamumuhay ngunit ang pagsasabuhay nito'y nakasalalay pa rin sa mga indibidwal.[4]

Mula 1940 hanggang 1957, ang buhay ni Olalia ay maituturing na dinala ng *inertia* ng mga institusyonal na salik ng kilusang komunista. Masasabing inilatag ng PKP ang mga kondisyon ng pangmatagalang kagawiang kanyang isinabuhay. Kaalinsabay nito, si Olalia ay umakto bilang bahagi ng mulat (rasyonal) na proseso ng pagpapalitaw at paghubog ng isang bagong istruktura, ang radikal na seksyon ng kilusang paggawa. Nagsimula ang prosesong ito nang siya'y naugnayan ng mga elemento ng PKP noong

kalagitnaan ng mga dekadang '30. Ngunit sa pagbubukas ng mga taong '40, iniugit ng mga pangyayari sa kilusang komunista ang isang bagong yugto ng pag-unlad ni Olalia—bilang kontrobersyal na rehiyonal na lider ng PKP.

**Pag-angat sa partido**

Sa pagtatapos ng dekada trenta, ang kilusang komunista ay gumalaw hindi lamang sa direksyon ng pagpapasigla sa kilusang paggawa kundi sa isang makasaysayang yugto ng pagbubuklod. Noong 1938, pinagsanib ang PKP at ang Partido Sosyalista ng Pilipinas, una'y para pagkaisahin at palawakin ang mga radikal na puwersa ng pagbabago at ikalawa'y para buuin ang isang malawak na prenteng popular laban sa pasismo na noo'y lumalakas sa daigdig. Sa katunayan, ang pagtatayo ng *Collective Labor Movement* ay nakasingkaw sa hakbangin ng kilusang komunista na paghandaan ang mga panganib ng pasismo dito sa bansa at tutulan ang *Emergency Powers Act of 1940.*[5] Kaya't mula 1938 hanggang mga 1940, ang kilusang manggagawa at kilusang magsasaka, na pinag-ugnay sa pinagsanib na PKP, ay nagtaguyod hindi lamang ng mga kahilingang pangkabuhayan kundi mga pampulitika rin. Noong Agosto, 1938, nagpalabas ng manipesto ang PKP na nagbababala sa banta ng agresyong Hapon at nananawagan ng pakikipagkaisa sa gobyernong Komonwelt para ihanda ang taumbayan.

Nang binomba ang Pearl Harbor noong Disyembre 8, 1941, ang mga kadre't kasapi ng PKP ay nasa gitna ng pag-aalimpuyo ng kilusang manggagawa't magbubukid. Bago ng araw na ito, binuo ang Manila Labor Council (MLC) bilang pagpapatibay ng nagkakaisang prente ng mga manggagawa sa lungsod ng Maynila.[6]Sa araw ngang binomba ang Pearl Harbor, idinaraos ang unang kumperensya nito sa Sta. Ana. Nasa kainitan din ang pangkalahatang welga ng mga tabakero sa pamumuno ng Federasyon Obrera de la Industriya Tabaquera de las Islas Filipinas (FOITAF). Samantala, nagpapanibagong-sigla naman ang pagkilos ni Olalia sa PKP lalo't inihalal siyang kalihim ng MLC. Sa panahong ito, sa pangkalahatan, ang kilusang manggagawa ay nasa yugto ng pagsulong. Ngunit natabunan ito ng mga

balita ng agresyong Hapon. Ang nakatakdang pandinig sa Court of Industrial Relations para lutasin ang welga ng mga tabakero'y hindi na natuloy. Ang kasapian ng PKP ay binulabog ng digmaan.

Sa ilalim ni Crisanto Evangelista, nagdudumaling kumilos at nakipag-ugnay sa gobyernong Komonwelt ang pamunuan ng PKP para harapin ang aktuwal na panganib ng panghihimasok ng mga Hapon sa bansa. Sa plenum ng Komite Sentral mula ika-7 hanggang ika-10 ng Disyembre, 1941, nagpaabot ito ng memorandum kay Pangulong Manuel L. Quezon na nagpapanukalang magbuo ng isang nagkakaisang-prente laban sa mga Hapon. Hiniling din nito kay Quezon na armasan ang taumbayan para makapaghanda't maipagtanggol ang bansa.[7]Ngunit tumanggi itong huli. Nag-alinlangan ang gobyernong Komonwelt sa aktuwal na posibilidad ng panghihimasok ng mga Hapon sa bansa. Nag-alinlangan din ito sa ideya ng pagbibigay ng armas sa mamamayan lalo't kasama rito ang mga Komunista. Kaya't nang sumalakay nga ang mga Hapon, paatras ang pangkalahatang patakaran ng Komonwelt at ng patron nitong mga Amerikano, bagay na humantong sa mapait na karanasan ng Bataan at Corregidor. Ang PKP nama'y humakbang sa landas ng armadong paglaban sa mga Hapon. Binuo ang "*second front*" sa pamunuan nito, isang kahaliling pamunuan kung may mangyari man sa mga lider ng Partido. Noon ding Marso 29, 1942, tatlong buwan makaraang pumasok sa bansa ang mga hapon, itinatag ng PKP ang Hukbo ng Bayan laban sa mga Hapon (HUKBALAHAP).

Ngunit walang istratehikong paghahanda ang PKP para sa isang masaklaw at organisadong armadong paglaban sa mga Hapon.[8]Pagpasok ng puwersang Hapon sa bansa, ang liderato nito'y walang naisagawang organisadong pag-atras at pag-aangkop sa sitwasyon. Madaling natimbog ang tatlong nangungunang lider ng PKP—sina Evangelista, Capadocia at Balgos. Ang *second front* ay hindi rin agad nakaposisyon para pamunuan ang galaw ng mga kadre't kasapian ng PKP. Kinailangang hanapin pa ng ilang elemento ng PKP ang mga miyembro ng pangalawang hanay ng liderato para ito'y mabuo at makapuwesto sa pamumuno sa Partido.[9]Sa gawaing ito, ang kumilos ay yaong mga lider-manggagawa't

organisador ng PKP na nakabase sa Maynila. Nang ito'y ideklarang "*open city*", ang organisasyon dito ng PKP ay nabuwag at nangagkalat. Wika ni Olalia:

> *There was no Party organization in Manila and Rizal. All the leading comrades including the Secretary* [tumatayong tagapangulo o tagapangasiwa] *of the Provincial Committee* [nakapatungkol sa Manila-Rizal Committee] *where I belong left Manila. Many were demoralized. Some of them were the same comrades considered to be courageous, that is before the Japanese got in.*[10] Walang organisasyon ng Partido sa Maynila at Rizal. Lahat ng namumunong kasama pati ang kalihim ng komiteng panlalawigang kinabibilangan ko'y umalis ng Maynila. Marami ang pinanghinaan ng loob. Ang ilan sa kanila'y yun ding mga kasamang itinuturing na matatapang, yaon ay nung bago dumating ang mga Hapon.

Sa kalagayang ito, bumagsak ang kilusang manggagawa.[11] Dahil walang kadyat na pag-aangkop sa bagong kalagayan, ang Partido'y hindi agad nakaposisyon para pamunuan ang mga manggagawa sa mabilis na pagpihit ng sitwasyon at mapanganib na takbo ng mga pangyayari.

Isa sa mga naiwan sa Maynila si Olalia. Taong 1941, umakyat sa panibagong rurok ng kasiglahan ang pag-aaktibo ni Olalia sa kilusang manggagawa bilang isa nga sa mga lider ng Manila Labor Council. Susi rito ang pag-angat ni Olalia sa isang responsableng posisyon sa liderato ng PKP sa Kamaynilaan. Noong nagdaang taon, siya'y itinalagang miyembro ng Manila-Rizal Committee ng partido,[12] ang organo nitong nangangasiwa sa pagsusulong ng kilusang masa sa Maynila't lalawigan ng Rizal. Nagkahugis sa panahon ng digmaan ang kanyang indibidwal na mga tunguhin ng huling hati ng dekadang 30—ang nahulmang katauhan niya bilang aktibistang chinelero[13] noong panahong iyon ay nahinog para sa isang namumunong gawain sa organisayson ng PKP sa rehiyong Maynila-Rizal. Sa pagkakataong ito, buong panahon na siyang kumilos bilang aktibistang manggagawa, i.e., iniwan na niya ang paghahanapbuhay sa chineleria para lubusang italaga ang sarili sa rebolusyonaryong pagkilos.[14] Kaya't pagdating ng digmaan,

kakatwa ang sitwasyong kinalagyan ni Olalia: ang kanyang grupo'y nalansag ng kawalang-paghahanda at panghihinang-loob sa harap ng agresyong Hapon sa pagkakataong sumisigla naman ang kanyang pakikisangkot sa kilusang komunista.

Ang sinapit ng liderato ng PKP sa kamay ng mga Hapon at ang kinahinatnan ng organisasyon nito sa Kamaynilaan ay higit namang nagbukas ng daan sa pagpuwesto ni Olalia bilang makabuluhang rehiyonal na lider ng PKP. Nang makaposisyon na ang "*second front*" bilang bagong liderato ng Partido, nilikha nito ang Manila-Rizal Bureau para muling buhayin ang kilusang rebolusyonaryo sa Kamaynilaan. Si Olalia ang itinalagang kalihim o tagapangasiwa nito. Aniya:

> *I was approached by Bul (Lazaro Cruz, deceased)*[15] *and instructed me to organize the Manila-Rizal Bureau. Several of the comrades whom I got in contact [with] refused to re-activate themselves... finally, the MRB was organized and the secretary of which was Diego Silang (Olalia).*[16] Nilapitan ako ni Bul (Lazaro Cruz, patay na) at tinagubilinang organisahin ang Manila-Rizal Bureau. Ilan sa mga kasamang naugnayan ko'y ayaw nang muling kumilos... Naorganisa rin ang MRB at ang kalihim nito'y si Diego Silang (Olalia).

Ang mahahalagang mga lider ng PKP sa Maynila, kung hindi man nakakulong o nagtatago, ay nasa kanayunan at abala sa kumahog na pag-oorganisa ng armadong paglalaban sa mga Hapon.

Ang mga pangyayari'y nagsilbing hugpungan sa pagpuwesto ni Olalia sa sirkulo ng mga lider ng PKP, kahit dito lamang sa Kamaynilaan. Ibinukas ng pamamatnugot sa MRB ang puwang para makapaniig niya ang mga kinatawan ng pambansang pamunuan kaugnay ng mga pampulitikang direktiba nito. Ngunit habang ibinukas ng digmaan kay Olalia ang pagkakataong magkaroon ng papel sa "pagtitimon" ng rebolusyonaryong kilusan, ibinukas din nito ang pintuan para sa mapagpasiyang paghawak ng magkakapatid na mga Lava[17] sa liderato ng Partido na sa kalauna'y sumasagka naman sa pang-organisasyong pag-unlad ng ilang kadre't kasapi nito,[18] isa na siya rito. Sa madaling salita, pumasok ang rebolusyonaryong chinilero sa istruktura ng

pamamatnugot sa rebolusyon, samakatuwid, sa mga proseso rin ng tunggalian sa PKP kaugnay ng rebolusyonaryong pamumuno.

Sa panahon ng pangangasiwa ni Olalia sa MRB, ang kilusang rebolusyonaryo ay napaningas sa Maynila't kapaligiran, kahit sa limitadong antas. Bagaman bagsak ang kilusang manggagawa, hindi tuluyang nanahimik ang Maynila sa harap ng dominasyong Hapon. Isinakatuparan na rin sa Kamaynilaan ang pangkalahatang patakarang maglunsad ng armadong paglaban sa mga dayuhan,[19]maaaring ang kauna-unahang pakikidigmang gerilyang panglusod sa kasaysayan ng bansa.

Isang *squadron*[20] ang binuo para magsagawa ng mga operasyong militar. Sa kabuuan, ang pangunahing pagkilos na naisagawa sa Kamaynilaan ay pagsabotahe sa mga aktibidad ng mga Hapon. Sa Philippine Refining Company, minsa'y isang sunog ang nilikha ng mga manggagawang kaanib ng KAP para iparalisa ang operasyon ng kumpanya. Sa Manila Railroad Company, may pagkakataong sinira ang isang makina at may pagkakataon namang sinunog ang isang bagon. Binalatengga naman sa lugar ng Bicutan-Sucat ang linya ng kuryente para magsiklab ang mga ito't masira ang komunikasyon ng mga Hapon.[21] Isinagawa rin ang ilang pamamaslang sa Maynila at nailunsad ang mga welga sa PRC at La Insular.[22] Bukod dito, ang mga puwersa ng PKP ay namahagi ng pahayagang *Free Philippines.*[23] Sa isang pangunahing tungkulin ng PKP sa panahon ng krisis, umusbong si Olalia bilang isang mahalagang kadre ng Partido.

Samantala'y namumuo na rin ang isang unos sa loob ng PKP. Noong 1943, sa gitna ng mga pagkilos laban sa mga Hapon, muling ipinatawag si Olalia ng liderato ng PKP, ngayo'y para sa isang plenum ng Komite Sentral.[24] "Hindi ako miyembro ng CC [Central Committee], ngunit ako'y inimbitahan," wika ni Olalia. Sa kasamaang-palad, hindi natuloy ang plenum. Nag*raid* ang mga Hapon sa lugar na pagdarausan nito, ang Arayat, Pampanga. "Natunugan ito ng mga Hapon sa pamamagitan ng kanilang mga espiya. Masuwerte kami't nakatakas at nailigtas ang aming mga buhay, ngunit maraming namatay sa *raid*. Nanghina ang

loob ng mga *squadron* ng HUK. Nuo'y Marso, 1943."[25] Makaraan ang pangyayaring ito, umugit ang pakikipagtunggali ni Olalia sa liderato ng PKP, na nagsimula namang sumagka sa kanyang pag-angat sa Partido.

**"Umurong para magtanggol!"**

Noong buwang iyon ng Marso, kinubkob ng mga Hapon ang Mt. Arayat, ang base ng liderato ng PKP at ng HUKBALAHAP. Tinaguriang "*March Raid*," ang pagkubkob na ito ay nagresulta ng pagkabihag o pagkalipol sa maraming kadre't kasapi ng PKP at HUKBALAHAP. "*When the Japanese... launched the attack, our forces were unprepared..., and for some time, there was disorganization and demoralization.*"[26] (Nang ilunsad ng mga Hapon ang pananalakay, hindi handa ang aming mga puwersa..., at sa isang takdang panahon, nagkagulo ang organisayon at lumaganap ang panghihinang-loob.) Dahil sa kalabisan ng pagtataya sa sariling lakas, buuang tinipon sa pook ng Mt. Arayat ang liderato't malaking puwersa ng PKP at HUKBALAHAP; ipinalagay ng mga lider ng PKP na ang lugar ay hindi malulusob ng mga Hapon.[27]

Malakas ang bigwas ng pagsalakay na isinagawa ng hukbong Hapon. Ito'y sinimulan mula sa himpapawid. Noong umaga ng Marso 23, natanaw ng mga gerilya ng HUKBALAHAP na papalapit ang mga pandigmaang eroplanong Hapon. Salaysay ni Olalia:

> *Pagkatapos ng ilang segundo, sumisid nang paisa-isa at nagsimula ang machine gun fire. Pandemonium broke loose. Maraming umiiyak, tumakbo, sumisigaw. Sumabog ang mga grupo ng Partido at mga squadron at kanya-kanyang karimot ng takbo. Wala nang tigil ang putok ng mga* machine gun. *Sinunog ng mga Hapon ang gubat. Nang makita ng mga kasama ito at ng ibang tao na kabilang sa BUDC, [Barrio United Defense Crops, isang organisasyong pangmasa ng PKP] lalong nag-ibayo ang pagkasira ng loob. Binigyan ako ng isang* guide. *Ang* guide *na ito ay iniwanan ako at tumakbo rin.*[28]

Isa siya sa mga nakapuslit sa pagkubkob, kasama ng ibang lider ng Partido tulad ni Vicente Lava, ang pangkalahatang kalihim ng *second front.* Nagpasikut-sikot sila sa kasukalan ng gubat at nakaiwas sa paninibasib ng mga sundalong Hapon.

Noong mga Hulyo ng taong iyon, matapos ang pangyayari sa Mt. Arayat, ipinaabot kay Olalia ang isang dokumento na naglalaman ng pagsusuri ng liderato ng Partido sa sitwasyon ng bansa at sa organisasyon ng PKP at ng mga hakbanging kailangang isagawa sa harap nito. Umabot na rin ang dokumento sa kamay ng iba't ibang organo ng Partido. Ang pinakabuod ng dokumento ay ang patakarang *retreat-for-defense* (umurong para magtanggol) bilang pagtugon sa nangyari sa Mt. Arayat at sa inaakalang pangkalahatang kalagayan ng hukbong gerilya at ng paglaban ng taumbayan sa kapangyarihang pulitikal-militar ng mga Hapon. Sa paniwalang mayroong *ebb in the tide of the revolutionary struggle*[29] at may malawak na demoralisasyon sa hanay ng mga puwersang gerilya,[30] itinakda ng patakaran ng umiwas sa mga opensiba at umatras sa mga kabundukan.[31] Taglay din ng patakaran ang kaakibat na kautusang paliitin ang mga *squadron* sa laking tatlo hanggang limang katao para diumano'y hindi malantad sa kaaway ang mga pwersang gerilya. Nilimitahan din ang hayag na mga pagkilos ng mga organisasyong pangmasa, sa partikular, ng BUDC.

Ipinatupad ng mga namumunong kadre ang patakaran, sa kumpas ng disiplinang pang-organisasyon.[32] Ngunit maraming mga kadre ng Partido at mga kumander ng HUKBALAHAP ang nahati ang kalooban sa pagpapatupad ng patakaran. Para sa kanila, na nasa aktwal na larangan ng rebolusyonaryong pakikidigma, ang patakaran ay mistulang malamig na tubig na ibinuhos sa nag-aalab na pakikibakang gerilya. Malayo sa realidad ang patakaran, sa kanilang pagtataya. Kaya't sa praktika, marami ang hindi sumunod sa patakaran o hindi hayagang tumutol ngunit ipinagpatuloy ang mga opensibang militar. Sa Gitnang Luson, na sentro ng pakikidigmang gerilya laban sa mga Hapon, ipinapaliwanag pa lamang ang patakaran sa ilang yunit, sinasalubong na ito agad ng pagtutol.[33]Ngunit ang paglabag sa patakaran ng Partido'y itinuturing na malubhang pagsuway sa disiplinang pang-organisasyon at ito'y may katapat na kaparusahan, sa sukdula'y pagtitiwalag. Kaya't may mga yunit ng Partido't HUKBALAHAP na gumagawa ng mga paraan para maipagpatuloy ang mga aksyong gerilya habang hindi naman binangga ang patakaran. May mga *squadron*,

halimbawa, na bagaman pinaliit nga alinsunod sa patakaran, ay hinati lamang sa tatlong bahagi na madaling tipuning muli at ibalik sa dating laki kung kinakailangan.

Ngunit may isang organo ng Partido na mahigpit ang pagtutol sa patakaran. Dinalumat pa nito ang teoretikal-praktikal na batayan ng kanilang posisyon laban sa patakaran at ito'y hindi ipinatupad. Mula Hulyo hanggang Setyembre, 1943, ang MRB na pinamamatnugutan ni Olalia ay puspusang nakipagtunggali sa mga bumuo ng patakaran. Nang tanggapin niya ang dokumento ng patakaran mula kay Vicente Lava, ipinabatid niya rito ang pagtutol ng MRB. May dalawang intelektuwal naman na kasama niya ang sumulat ng dokumentadong oposisyon ng *bureau* sa patakaran.[34] Sa pagkakataong ito, dumalas ang pagdalaw kay Olalia ng isang Tsinong kasapi rin ng PKP[35]para siya'y kumbinsihin sa "kawastuhan ng patakaran." Hindi siya nakuha. Nanindigan ang MRB sa pagtutol.[36] Hanggang sa ang mismong tagapangasiwa ng departamento sa organisasyon ng Partido,[37] si Jose Lava, ang nakipagharap kay Olalia. Nagkainitan umano sila ng pagtatalo. Nagbabala si Lava ng aksyong pandisiplina kung hindi ipatutupad ng MRB ang patakaran. Bago matapos ang buwan ng Setyembre, si Olalia ay pinaabutan ng liham na siya'y itinitiwalag sa PKP.[38]

Malubha ang naging epekto ng patakarang "umurong para magtanggol." Ang sandatahang hukbo ay mistulang inalisan ng ngipin; ang mga puwersang gerilya ay inutusang maging pasibo sa harap ng agresyong Hapon. Bagaman maraming hindi tumalima, nagdulot din ito ng malaking paghupa ng mga operasyong gerilya. "Lalo lamang namayagpag ang mga Hapon," ani Mallari. Bukod dito, isa pang pangmatagalang negatibong bunga ng patakaran ay ang pagsagka sa pagpapalawak ng mga organisasyong pangmasa at, kaugnay nito, sa pagpapaunlad ng kapangyarihang bayang nakabatay sa nagkakaisang prente na nuo'y ipinupundar sa pamamagitan ng mga BUDC. Taglay ng BUDC ang ideya ng pagtatayo ng gobyernong koalisyon sa antas ng baryo at bayan. Kaya't sa pananahimik ng mga organisasyong pangmasa, ipinalalagay na nasansala nang husto ang pagpapaunlad ng mga gawain sa pagtatayo ng mga istruktura ng isang gobyernong makabayan at

malaya sa dayuhang kontrol. Kaugnay nito, hindi naihanda ang taumbayan sa paglaban sa pagbabalik ng dominasyong Amerikano sa bansa. Hanggang mistulang "tumabi" ang mga *squadron,* animo'y "nagtago" naman ang BUDC.[39]

Makaraan ang mahigit isang taon ng pag-iral ng patakaran, damang-dama na ng mga organisador ng Partido at mga kumander ng HUKBALAHAP ang pangkalahatang epekto nito— nagdudumilat ang isang malungkot na sitwasyon. Pinakitid nito ang mga opurtunidad ng Partido para makalikha ng mga institusyong maaring ipalit sa dayuhang pamamalakad, maging sa hapon o sa Amerikano, bagay itong maaring nasilip na ng mga organisador ng Partido't mga kumander ng HUKBALAHAP nang makita nilang inaasam ng mga mamayan ang pagdating ng mga Amerikano, na dili iba'y pag-asa't ilusyon din sa pamamalakad ng mga ito. Maraming elemento diumano ng HUKBALAHAP ang nagmistulang mga gerilya ng USAFFE[40] na naghihintay lamang ng pagdating ng mga Amerikano. Malayo sa damdamin ng Partido ang mga kaganapang iniluwal ng patakarang *"umurong para magtanggol."* Noong Setyembre 1944, sa presyur ng mga organisador ng Partido't mga kumander ng HUKBALAHAP, inilunsad ang isang kumperensya ng Komite Sentral at pinagkaisahang itigil ang pagpapatupad ng patakaran. Ngunit paparating na ang mga Amerikano, dala-dala ang mga *slogan* ng *liberation* at *independence.*

Nang idaos ang plenum, inimbitahan si Olalia at ang dalawang intelektuwal ng MRB. Tinanggap ni Vicente Lava ang pagkakamali ng patakaran at inalis siya sa tungkulin bilang pangkalahatang kalihim ng Partido. Ngunit disgustado si Olalia sa resultang kumperensya. "Ang mga gerilyang Intsik na may kinalaman sa patakaran ay ibinaba ang tungkulin, ngunit hindi ang mga Pilipinong kasangkot sa pagbubuo nito," aniya.[41] Bagaman maiaatang sa balikat ng kalihim ng kawanihang pampulitika,[42] na nakabase sa Maynila, ang responsibilidad ng pagbabalangkas ng patakaran, ang mga miyembro nito'y hindi napatawan ng mariing aksyong pandisiplina ng kumperensya. Si Vicente Lava ay nanatili sa kawanihang pampulitka habang ang kanyang kapatid at si Espiritu ay hindi nasangkot sa proseso ng pagpaparusa.[43] Si Mallari, na nagpatupad ng patakaran sa mga kumander ng HUKBALAHAP

sa Gitnang Luson, danga't siya ang lider ng Partido rito, ay inalis sa kawanihang pampulitika. Dahil walang kontrol sa mga nangyari, si Olalia'y lumabas na wala ring nagawa sa resulta ng kumperensya.[44] "Ang nakakatawa," paggunita ni Olalia, "bago ang plenum, karamihan sa mga lider ng Partido ay nagsabing tama ang patakaran. Noong plenum, lahat ay tutol na sa patakaran."[45]

Sa kanyang kamalayan, mariing tumino ang pangyayari, lalo na ang pamamaraan ng pamumuno ng liderato ng Partido sa pamamatnugot ni Vicente Lava. Aniya:

> *[I]t was the Chinese who drafted the policy. They just submitted it to the PKP for approval. And Vicente Lava signed it. You know, Vicente, wala samasa iyan. He was a swivel-chair theoretician who didn't really know actual conditions. He merely relied on reports. Well, those reports were either exaggerated or incomplete.*[46] Ang mga Intsik ang bumalangkas ng patakaran. Inihapag lamang nila ito sa PKP para aprubahan. At inaprubahan ni Vicente Lava. Alam mo, si Vicente, wala sa masa iyan. Siya ay isang swivel-chair theoretician na hindi nakababatid ng tunay na mga kalagayan. Umaasa lang siya sa mga ulat. Ang mga ulat na ito, kung hindi man kulang ay labis.

Ibinunsod ng tunggalian sa patakarang ito ang unang bitak sa liderato ng Partido. Sa pamumuno sa pagsuway sa patakaran, naging pangunahing kasangkapan si Olalia sa pagpapalitaw ng unang pangunahing paglaban sa kawanihang pampulitika, sa partikular, sa pamamatnugot ng mga Lava. Pagkatapos ng plenum, siya'y muling inugnayan ng Partido. Noong siya'y itiwalag, mahigit isang taon ding siya'y nahiwalay sa mga pagkilos nito laban sa pana-panahong pag-ugnay ng mga gerilyang Intsik na kabilang sa Chinese Overseas Bureau ng Partido Komunista ng Tsina.[47] Sa panahong ito, siya'y muling kinupkop ng Tundo bilang mangangalakal ng mga lumang damit sa Divisoria.

Nang siya'y balikan ng Partido, si Olalia'y itinalagang kumander ng HUKBALAHAP sa rehiyong Maynila-Rizal sa mga huling buwan ng agresyong Hapon sa Pilipinas.[48] Tatlong *squadron* ng mga HUK ang kanyang itinayo, binubuo ng mga manggagawa mula sa iba't ibang pabrika sa Kamaynilaan

na dating nasa pamamatnugot ng MRB. Pagpasok ng mga Amerikano sa Maynila noong Pebrero 1945, sangkot ang yunit ni Olalia sa mga labanang naganap sa kapaligiran ng Paco, Pandacan at Tundo. Kaya't mula sa huling hati ng 1944 hanggang maagang bahagi ng 1945, si Olalia at kanyang mga kasamahan ay muling kumilos bilang mga gerilyang panlungsod ng HUKBALAHAP.

Hindi matatawaran ang pamumuno sa yunit panggerilya sa lungsod. Sa pagkakataong iyon, walang nasa pinakaangkop na katayuan na mamuno sa armadong yunit kundi si Olalia,[49]lalo na sa kalagayang may kasalatan ng mga kadre sa iba't ibang larangan ng gawain sa lungsod. Una, isa siya sa mga kadre ng Partido na nanatili sa lungsod pagdating ng mga Hapon. Ikalawa, bago siya itiniwalag sa Partido, siya ang kalihim ng MRB kaya't kanyang nasasapol ang organisasyon ng Partido sa Kamaynilaan at kabisado niya ang larangan ng pagkilos sa sentrong lungsod. At ikatlo, kaugnay nito, mayroon siyang mga tauhang maaaring kadyat na organisahin sa pakikidigmang gerilya. Sa Tayuman, Tundo bumase ang gerilyang yunit ni Olalia.

Ang bitak sa Partido na nilikha ng tunggalian sa patakarang "umurong para magtanggol" ay pansamantalang napawi ng plenum ng 1944 at ang pagwawakas ng pananakop ng mga Hapon sa bansa. Ngunit matingkad na pinalitaw ng mga pangyayari ang istrukturang ginalawan ni Olalia sa Partido. Itiniwalag siya sa pagtutol niya sa patakaran ng isang maliit na grupo sa liderato ng Partido,[50] na maaari nang pinagpasiyahan ng higit na malaking grupo. Ngunit walang pagkastigo sa kaparaanang ito, gayon din sa pagtitiwalag kay Olalia—mukhang nangibabaw ang impluwensya ng ilang indibidwal sa resulta ng kumperensya. Lumalabas na desisyon lamang ng ilan o isang indibidwal ang pagtiwalag sa kanya ng PKP. Sa pakikipagtuos ni Jose Lava kay Olalia, binalaan niya mismo itong huli na kanyang tatanggalin kung hindi nito ipatutupad ang patakaran. Diumano, anang Lava: "Tatanggalin kita, pihong-piho!" Ang sagot ni Olalia: "Sino ka na mag-aalis sa akin? Ikaw ba ang Partido?"[51] Setyembre 1943 nang magsalpukan ang dalawa. Noon ding buwang iyon, itinawalag si Olalia.

## KKM: Udyok ng bagong mga sigalot

Sa pagtatapos ng digmaan, bagaman nagwakas nga sa unang mahigpit na tunggalian sa Partido, ay nagbukas naman ng mga bagong sigalot sa liderato nito. Sa harap ng wasak na ekonomiya ng bansa at pagmamaniobra ng mga Amerikano at lokal na mga pulitiko na itatag ang isang gobyernong pabor sa Estados Unidos at sa malalaking negosyante't asendero lumabas ang patakarang pampamahalaan na sugpuin ang sandatahang lakas ng kilusang komunista.[52] Ang politburo ay walang nabuong komprehensibong pagsusuri sa kalagayan ng bansa pagkatapos ng digmaan at wala ring naitakdang istratehikong linya sa pamamaraan ng pakikibaka—nakatiwangwang na mga usapin ang sandatahang pakikibaka at ang legalidad ng Partido. Ngunit sa praktika'y nangibabaw ang tunguhing kumilos nang hayag—binuwag noong 1945 ang HUKBALAHAP at iginugol ng mga lider ng Partido ang lakas at panahon nito sa mga hayag na pakikibakang pangmasa at elektoral na pagkilos para makakuha ng mga reporma sa nanunungkulang administrasyon. Dito uminog ang mga bagong tunggalian sa loob ng PKP.

Humugis ang mga tunggaliang ito sa pagitan ng dalawang paksyon sa liderato ng Partido, ang pasyon ng mga Lava at ang paksyon ni Pedro Castro.[53] Kaya't ang panahong 1945 hanggang 1951 para sa Partido ay nahati sa dalawang yugto, alinsunod sa kung aling paksyon ang nangibabaw: ang yugto ng pagkahirati sa eleksyon, noong 1945-1947, sa ilalim ni Castro; at ang yugto ng pagsuong sa daliang armadong pag-aaklas at pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika sa bansa, noong 1949-51, sa ilalim ng paksyon ng mga Lava. Ngunit mula sa pagtatapos ng digmaan hanggang kalagitnaan ng 1946, bagaman may pagkakaiba ang dalawang paksyon sa ilang usaping taktikal, kapwa itinaguyod ng mga ito ang hayag na pagkilos ng Partido at ang paglahok sa eleksyon noong Abril ng taong iyon.[54] Sa kabuuan ng panahong ito, itinadhana ng mga sigalot kaugnay ng elektoral na estratehiya hindi lamang ang tunguhin ng PKP kundi ang partikular ding galaw ni Olalia bilang kadre ng Partido at lider-manggagawa. Dahil siya'y kay Castro, si Olalia'y naging mainam na ring target ng mga pagtudla ng kabilang paksyon-mahalagang salik sa kanyang kinahinatnan sa PKP.

Nang kumilos ang Partido mula sandatahang pakikibaka tungong parlamentarismo pagkatapos ng digmaan, si Olalia ay bumalik sa dati-rati niyang gawain, ang pag-oorganisa sa kilusang manggagawa. Umayon ang direksyon ng kanyang pagkilos sa pananaw ng liderato ng PKP noon—na nasa pamamatnugot ni Castro—na ang kabuuang pagkilos ay dapat ituon sa pagpapalalakas ng kilusang manggagawa at sa pagsusulong ng legal at hayag na mga pagkilos. Kaya't muling itinayo ang mga legal na organisasyong masa. Noong 1945, itinatag ng mga kadre ng PKP sa hanay ng mga manggagawa ang Congress of labor Organizations (CLO) bilang kahalili ng KAP at CLM sa layuning buklurin at pamunuan ang kilusang unyon sa bansa.

Si Olalia'y isa sa mga unang tumalima sa adhikain ng pagtatatag ng makabayang sentrong unyon.[55] Sa pagtitipon-tipon ng mga manggagawa para maitayo ang CLO, agad niyang napakilos ang ilang daang manggagawa para mabuo ang istruktura nito—nagmula sa tatlong *squadron* ng mga gerilyang kanyang binuo nang siya'y naging kumander ng HUKBALAHAP sa Maynila-Rizal.[56] Dumating naman ang kasagsagan ng pag-oorganisa ng CLO sa muling pagbubukas ng mga pabrika sa Kamaynilaan. Kanyang salaysay:

> *Malalaking pabrika ang nakuha namin—NDC, PLDT, Manila Railroad Company, Metropolitan Water District... labat ng malalaking unyon dito sa Maynila... Kaya't noong balitang-balita na ang CLO sa peryodiko..., pumaparoon [na lamang ang mga manggagawa] sa [tanggapan nito] sa Azcarraga, ngayo'y Recto....*[57]

Kinatawan ni Olalia sa CLO ang industriya ng chineleria at sapateria at sa kapasidad na ito'y nanungkulan bilang isa sa mga pangalawang tagapangulo, sa ilalim ng pamumuno ni Cipriano Cid. Siya'y muling kumilos nang buong panahon para sa kilusang komunista at inilaan niya ang kanyang sarili sa mga pag-oorganisa ng Trade Union Department ng PKP, na pangunahing gumalaw sa CLO. Bilang produkto ng mga lansangan ng Tundo't kapaligiran, mabilis na nakalubog si Olalia sa pag-oorganisa ng mga manggagawa sa iba't ibang industriya sa mga pook na ito. Pagdating ng 1947, sa panahon na ng pamumuno ni Amado V. Hernandez, si Olalia ang umaktong ingat-yaman ng CLO nang hindi na nakapag-aktibo ang humahawak nito (Roberto Anselmo). Sa

panunungkulan sa pamunuan ng CLO, itinanghal na ang chinelero bilang pambansang lider sa kilusang paggawa—isang kalitatibong yugto ng kanyang pag-unlad bilang lider-manggagawa.

Itinulak din ng kalagayan sa paggawa at sa bansa ang mga tunguhing ito. Ang mga manggagawa ay lugmok sa krisis. Maraming pabrika't empresa ang wasak. Malawak ang kawalan ng hanapbuhay at napakababa ng sahod. Idineklara ng Department of Interior ang minimum na sahod na P1.25 bawat araw pagkatapos ng digmaan. Pagdating ng 1946-47, umabot ang sahod sa pagitan ng P2.05 hanggang P 2.60. Malayo pa rin ang ibinaba ng halaga nito kung ihahambing sa antas noong bago-digmaan dahil tumaas ang presyo ng mga bilihin nang walo hanggang siyam na ulit. Kahit noong 1948, ang tunay na sahod ng mga manggagawa ay nanatiling mababa kaysa sa antas bago-digmaan.[58] Kaya't muling sumiklab ang kilusang welga. Mula Hulyo 1945 hanggang Hunyo 1946, itinala ang 49 na welga sa buong Pilipinas. Makaraan ang isang taon, umabot sa 69 ang mga welgang inilunsad ng mga manggagawa. Ang agos na ito ay nagpatuloy hanggang 1949, na nagtala ng 83 welga, sangkot ang pinakamalalaking mga pabrika't empresa sa bansa. Marami sa mga welgang ito, kundi man pinamunua'y naimpluwensyahan ng CLO at ng Kalipunan ng mga Kaisahang Mangagawa (KKM), isa pang radikal na sentrong unyon. Samantala, mula 1946 hanggang 1949, larawan ng kalakasan ng pag-oorganisa ng mga radikal na puwersa, lumaki ang bilang ng mga organisadong manggagawa mula 75,000, na nasa 237 unyon, hanggang 140,000, na saklaw ng 860 unyon.[59] Isang pangkalahatang pag-ahon ng kilusang unyon, ang yugtong ito ay maituturing na isang hugpungan sa kilusang paggawa.

Sa bugsong ito ng panahon nanungkulan si Olalia sa CLO. Mula 1945 hanggang 1948, siya'y lumubog sa pang-araw-araw na mga gawain ng liderato nito—sa mga pulong, mga piket, mga pagdinig, at mga demonstrasyong pulitikal. Bagaman nakatalaga sa gawain ng pananalapi, sa kalakha'y mga gawaing pang-unyon ang kanyang inatupag, na inaasahan sa isang kadre ng Partido noon na nakatalaga sa kilusang paggawa. Ngunit isa si Olalia sa mga lider na matatagpuan sa mga "pukpukan" sa kilusang unyon—"naiiba, sa mga

aklasa'y wala kang maitatanong," ani Reyes—tulad ng ginawa niyang pamumuno sa mga welgista ng Standard Dessicated Coconut sa Quezon para harapin ang mga armadong tauhan ng kumpanya."

Ang chinelero'y umabot na sa isang maunlad na antas ng paggulang sa mga pasikut-sikot ng kilusang unyon nang siya'y manungkulan sa CLO. Kaya't isa siya sa mga kadre ng Partido na ipinapadala sa mga probinsiya para gumabay sa mga lokal na unyon ng CLO, tulad ng Timog Katagalugan. Sa panahong ito, na siya'y mahigit 40 taong gulang na, ang katauhan niya bilang lider ay matatag nang nakatuntong sa 30-taong karanasan sa kilusang unyon mula 1917. Hindi lamang masinop mag-organisa, batay sa pagmamasid ng mga kasamahan, siya'y umaakto pang teoretiko sa mga pulong ng mga kapwa lider danga't ang chinelero'y sadyang nagsisikap na iugnay ang kanyang mga binabasa, e.g., mga akda nina Marx at Lenin tungkol sa kilusang paggawa, sa kanilang partikular na mga karanasan sa pag-uunyon. Kaya't sa CLO, si Olalia'y nag-angkin na ng tikas ng kakayanan sa pagsasariling-tindig sa pagkilos, na pinagbatayan ng paninindigan niya sa hinaharap laban sa liderato ng PKP.

Ngunit ang kasiglahan sa CLO ay pinutol ng pagguhit ng mga bagong panloob na tunggalian sa Partido. Noong mga taong 1948-49, nagtagpo sa isang mapagpasiyang pagtutuos ang dalawang paksyon sa liderato nito. Noong una nga'y nalimita lamang ang pagtutunggalian ng mga ito sa elektoral na taktika, i.e., kung ang Democratic Alliance[60] na binuo ng ilang makabayang pulitiko kasama ng ilang elemento ng Partido ay hahayaang tumakbo sa eleksyong presidensiyal ng independyente o kung ito'y makikipagkaisa sa Partido Nacionalista (NP, ni Sergio Osmeña, Sr.) sa isyu ng kolaborasyon laban sa Partido Liberal (LP, ni Manuel A. Roxas). Pinagwagian ng paksyong Lava nang ibinunsod ng PKP ang koalisyong DA-NP. Ngunit mula 1946 hanggang 1948, ang tunggalia'y humagis sa mahigpit na pagtatalo sa pangunahing estratehiyang dadalhin ng Partido sa harap ng ipinalagay nitong mga patakaran ng panlilinlang at pandarahas ng administrasyong Roxas sa PKP at sa HUK—tulad na kampanyang pagpapayapa (*pacificaton*) laban sa huli, na noon ay muling nagsasagawa ng mga espontanyong armadong pag-aaklas sa kanayunan.[61]

Dalawang linya ang gumuhit sa politburo, na lubhang umapekto sa kaisahan ng PKP at sa galaw ng mga lider nitong tulad ni Olalia. Ipinusisyon ng paksyong Lava na kadyat na ilunsad ang armadong pakikibaka, bilang pagtugon sa pandarahas ng gobyerno sa rebolusyonaryong kilusan na humantong na sa pagkapaslang kay Juan Feleo, isang kinikilalang lider-magbubukid. Ang paksyon naman ni Castro, na nuo'y pangkalahatang kalihim ng Partido, ay nanindigan sa linya ng pagsusulong lamang ng kilusang unyon at elektoral na pakikibaka. Sa linyang ito, na tinaguriang *appeasement line* (dahil umano'y nagnanais na "magpalubag" sa administrasyong Roxas para hindi nito pag-initan ang PKP), ipinalagay nina Castro na ang dapat gawin ng Partido'y tuwirang lumahok sa eleksyon bilang hayag na pangmasang partido (*open mass party*).[62]

Mula maagang bahagi ng 1947 hanggang kalagitnaan ng 1948, nagmaniobrahan ang dalawang paksyon para makontrol ang liderato't mapanaig ang kani-kanilang linya, bagay na natamo ng paksyong Lava at nagresulta noong Enero, 1947 sa pagkatanggal ni Castro sa tungkulin bilang pangkalahatang kalihim ng PKP at sa demosyon niya sa pangangasiwa na lamang ng Trade Union Department (na kinabibilangan ni Olalia). Noong Mayo 1948, sa isang pinalaking kumperensya ng Komite Sentral, itinakda bilang estratehikong linya ng Partido ang armadong pakikibaka bilang pangunahing pamamaraan ng pakikibaka ng PKP (na ibinunsod ng ilegalisasyon ng Pambansang Kaisahan ng mga Magbubukid at pagpaslang kay Manuel Joven, lider ng CLO), bagaman hindi malinaw kung ano ang anyo at katangian nito. Si Mariano Balgos, na kinikilalang nasa paksyong Lava, ay inihalal na pangkalahatang kalihim ng Partido. Samantala, dahil sa patuloy na paglaban ni Castro sa lideratong Balgos/Lava at sa pagkwestiyon niya sa legalidad ng 1948 kumperensyang Mayo, siya'y sinuspinde sa pagiging miyembro ng PKP. Hanggang sa sumunod na taon, pumasok sa di-pagkakasundo't mapanghating sitwasyon ang sigalot ng dalawang paksyon.

Noong 1949, nahati ang CLO. Sa Mayo ng taong ito, itinayo nina Castro, Olalia at iba pa ang Kalipunan ng mga Kaisahang Manggagawa (KKM) bilang panibagong radikal na sentrong unyong hiwalay sa CLO. Ang pagkahating ito

ay ibinunga ng lumaking bitak sa loob ng Partido.[63] Rumurok sa kasukdulan ang tunggalian nang ipatupad sa pagkakataong ito ng lideratong Balgos/Lava ang patakaran ng pagtanggap sa programang amnestiya ng gobyernong Quirino para sa HUK[64] kapalit ng pagpaparehistro ng mga armas nito, bagay na tinutulan naman nang husto ng kabilang paksyon at mga elemento ng Partido sa Kamaynilaan. Simula sa kumperensya ng Mayo 1948, isang mariing oposisyon sa "amnestiya" ang nabuo ng mga elemento ng Partido mula sa Manila-Rizal Committee at Trade Union Department. Ang kakatwa'y ilan sa mga personahe ng oposisyong ito'y mga elemento rin ng organisasyon ng Partido sa Maynila-Rizal na lumaban sa patakarang "umurong-para-magtanggol" noong digmaan, isa na rito si Olalia.

Masalimuot at masidhi ang tunggalian. Matindi ring tinamaan si Olalia. Noong Agosto 1948, ang suspenyon ni Castro ay tuluyang humantong sa pagkatiwalag niya sa Partido, bagay na ipinalagay niyang bunga ng kanyang pagtutol sa "amnestiya". Ngunit ipinahayag naman ng lideratong Balgos/Lava na ito'y hakbangin ng Partido Lava sa kanyang mga "aksyong kontra-Partido", e.g., pangangampanya sa paglaban sa liderato ng Partido. Sinundan pa ito ng malawakang pagtitiwalag ng mga elemento ng Partido sa Kamaynilaan na ipinatupad ng lideratong Balgos/Lava noong panahon ng "amnestiya."[65] Isa si Olalia sa mga itinawalag, ang ikalawang pagpapatalsik sa kanya sa Partido. Di nagtagal, noong Oktubre 1949, lumitaw ang isang hiwalay na "politburo" na binubuo ng mga elementong tinanggal mula sa Trade Union Department at sa Manila-Rizal Committee ng PKP, naglalayong magtatag ng isang bagong partido.[66] Sa grupong ito, si Olalia ay itinalaga sa gawaing unyon—sa KKM.

Sa pagtindig ng KKM, nagdalawang sentro ang radikal na pag-uunyon. Patuloy na isinulong ng PKP ang programa nito sa kilusang manggagawa sa pamamagitan ng CLO habang ang mga kontra-Balgos/Lava ay kumilos sa pamamagitan ng KKM. Isang komite sa paghahanda na tinawag na CLO Coordinating Committee ang binuo nina Castro, Olalia at iba pa para pamunuan ang mga unyong humiwalay sa mga lider na nasa panig ng PKP. Marami ring unyon ang sumama sa KKM, lalo't ang mga tinanggal ay mga lider-unyon sa iba't

ibang industriya. Umanib sa bagong sentro ang mga tabakero, sa ilalim ng FOITAF; ang mga manggagawa sa mga kumpanya ng *dessicated coconut* sa Timog Katagalugan; ang lokal na balangay sa Caloocan ng unyon sa Manila Railroad Co.; ang mga magkakahahoy na binubuo ng 24 na balangay; mga manggagawa sa pitong *foundry shop*; mga manggagawa sa malalaking talyer ng sasakyan tulad ng Elizalde Motors; ang mga unyon sa malalaking kumpanya gaya ng Jacinto Rubber Company, Manila Button Corporation, at iba pa. Si Pedro Castro ang tumayong pangulo habang si Olalia'y umaktong ingat-yaman, tulad sa CLO.[67] Tungkol sa paghiwalay niya sa PKP, mababanaag sa isa niyang salaysay ang tikas ng tatlumpung taong karanasan sa pag-uunyon ng komunistang chinelero:

> Ako, bilang maggagawa, hindi nila akalain na makakapamatnugot ako ng *mass movement* at makakatalakay ako nang *theoretically*, makakalaban ako nang *theoretically* sa kanila. Even in Marxism, tumatalakay ako at madalas kaming magpukpukan ng *interpretation*, ng *meaning* ng Marxism. Hindi nila akalain yan. Kaya ang mga *intellectuals* sa CLO, pumanig kay Amado [Hernandez], komo si Amado nasa *newspaperman's guild*. Ang sumama sa akin, mga manggagawa.[68]

Hindi nagbago ang oryentasyon ng pagkilos ni Olalia at kanyang mga kasamahan. "Gano'n pa rin ang takbo ng aming pagkilos. Nag-oorganisa kami ng mga di-organisadong manggagawa at ginagabayan namin ang mga balangay ng KKM," aning Reyes. Ngunit nag-iba ang hugis ng pamamatnugot sa kilusang paggawa. Makaraan ang Mayo 1949, ang mga pag-aaklas ay pinangunahan na ng dalawang radikal na sentrong unyon. Nagpatuloy na sumulong ang kilusang welga hindi na lamang sa impluwensya ng CLO kundi pati ng KKM. Sa kasamaang-palad, napanghina nito ang pagkakaisa ng mga manggagawa. Sa isang ulat ng PKP, inamin nito na dahil sa nangyari, nabawasan nang malaki ang pamamatnugot ng Partido sa mga kaisahang manggagawa at ininda nito ang panghihina ng kilusang manggagawa.[69] Bagaman may pagtatangkang magkaisa sa mga pagkilos, gaya ng nabigong plano sa pagdiriwang ng Mayo Uno noong 1950, karaniwa'y naging magkahiwalay ang galaw ng dalawang sentrong unyon.

Humayag din sa publiko ang mahayap na tunggalian sa pagitan ng dalawang grupo. Noon pa mang itinayo ang *CLO Coordinating Committee*, agad itong binatikos ni Balgos sa mga pambansang pahayagan na walang kaugnayan sa CLO ang bumuo nito at ang mga nagpasimuno nito'y tiwalag na sa CLO.[70] Sa mga dokumento ng PKP, lahat ng mga itiniwalag, tulad nina Castro at Olalia, ay kinondenang mga "taksil" sa kilusang manggagawa, "anti-Partyists" at "kasangkapan ng imperyalismong Amerikano." Sa kabilang panig naman, inilahad ng mga itiniwalag na sila'y tinanggal sa Partido at "siniraan sa masa" dahil ayaw magwasto ng lideratong Balgos/Lava sa napatunayang kamalian ng "linyang amnestiya."[71] Ang tunggaliang ito'y nagpatuloy hanggang 1951 ngunit pinangibabawan na lamang ng mga pangyayaring nagbago sa kumplikasyon ng kilusang komunista at kilusang paggawa, ang pagkabigo ng PKP sa binalak nitong madaliang armadong pag-aaklas at ang pagdeklara ng gobyerno na ilegal ang CLO.

Ipinatupad ng Partido ang armadong pag-aaklas makaraan ang eleksyong presidensiyal ng 1949. Sinuportahan ng PKP ang NP ngunit ito'y tinalo ng LP (Quirino) sa gitna ng malawakang pandaraya't karahasan. Ibinunga nito ang sitwasyong inakala ng PKP na "rebolusyonaryong sitwasyon," ibig sabihi'y namumuo ang malawak na espontanyong pag-aaklas ng mga mamamayan laban sa gobyernong Quirino. Inakala rin ng lideratong Balgos/Lava na ang pagwawagi ng mga komunistang Intsik sa kanilang rebolusyon noong 1949 ay magtataboy sa mga Amerikano sa Asya at bibitiwan nito ang pagsuporta kay Quirino.[72] Kaya't ayon sa mga pag-aakalang ito, inilunsad ng PKP ang "*early seizure of power orientation*" na tumatanaw sa posibilidad ng pag-agaw ng kapangyarihang pulitikal sa loob ng dalawang taon.[73] Binatikos ng grupo nina Olalia na "*wishful thinking*" at "hindi Marxista"[74] ang oryentasyong ito. Sa naging takbo ng mga pangyayari, isinubo nito ang PKP sa malaking kabiguan.

Noong Oktubre 18, 1950, ang *"politburo"*-in ng PKP at humigit-kumulang na isandaang mga kasapi nito ay dinakip sa 22 magkakahiwalay na *raid* sa Kamaynilaan. Para matiyak na hindi mapakawalan ang mga lider ng Partido, sinuspinde ni Quirino ang *writ of habeas corpus* noong Oktubre 21. Pagpasok ng taong 1951, ang kilusang manggagawa naman

ang pinuruhan. Mula Enero hanggang Pebrero, sunud-sunod na pang-aaresto ng mga lider-manggagawa ang isinagawa. Noong Abril, idineklarang ilegal ang CLO, at pagdating ng Setyembre, ni*raid* ang tanggapan ng KKM sa Quiapo. Dinakip ang mga lider nito, kasama si Olalia.[75]

Hindi man nagtagal sa piitan ang mga kasapi ng KKM, kabalintunaan din ang nangyari sa kanila. Bagamat itiniwalag sa PKP sa akusasyon ng pagiging "anti-Partyists," sila ay nadawit din sa malawakang pag-aaresto at ikinulong ng gobyernong Quirino sa kasong pakikisangkot sa "dalawang-taong pag-aaklas" ng PKP noong 1949-50. Isinakdal si Olalia sa kasong *simple rebellion*, sa kabila ng katotohanang tumutol siya sa patakarang ito. Batay sa testimonya ng isang lider ng PKP[76] na siya'y tinggal na sa Partido noon pang 1948 (kaya't hindi maaaring kasangkot sa mga pagkilos nito noong (1949-50), siya'y nakalaya noong Disyembre 10, 1953, makaraan ang mahigit na dalawang taong pagkakakulong.

Maraming itinuro ang mga kaganapang ginalawan niya mula 1940 sa loob ng talibang institusyon. Sa piitan, binigyang laya ang pagbubulay-bulay ni Olalia sa kinahinatnan niya sa PKP. Naging malapit niyang kasama rito si Mallari, na isang tiwalag din sa Partido (sa ibang dahilan) pagkaraan ng digmaan. Magkasama nilang itinayo ang isang maliit na *gym* sa piitan, na kapwa nila hilig. Magkasama rin nilang binalik-tanaw ang kanilang nilandas sa PKP mula noong patakarang "umurong para magtanggol."[77] Salalaysay ni Olalia, ang kanyang sinaksiha'y "iba't ibang klase ng mga iringan, selusan at tunggalian" sa liderato nito na pawang kabaligtaran ng mga itinuro ni Crisanto Evangelista.

Walang iniwang rekord si Olalia tungkol sa mga pagliko't pagpihit, ganoon din sa iba't ibang mukha, ng kanyang pagkasangkot sa mga tunggaliang ito o sa paksyong Castro. Ang maliwanag, batay sa mga dokumentong 1949 ng hiwalay na grupong sinangkutan niya, siya'y nanindigan sa pagtutol sa mga sumusunod na patakaran ng lideratong Balgos/Lava: 1) pagtanggap ng programang amnestiya ng gobyernong Quirino; 2) pagsuporta sa NP sa eleksyong 1949; at 3) paglulunsad ng planong pag-aaklas para agawin ang kapangyarihang pulitikal sa loob ng dalawang taon. Kaakibat

ng pagtutol sa mga patakarang ito ang paninindigan para sa armadong pakikibaka at paglulunsad ng "pambansang digmaan ng pagpapalaya laban sa imperyalismong Amerikano at sa papet nitong gobyerno."[78]

Maaaring ipalagay na hiwalay ang pagkilos ni Olalia at iba pang elemento ng Partido sa Maynila-Rizal sa mga pakikitunggali ng paksyong Castro sa loob ng politburo, dahil kailanma'y hindi naman naging kagawad nito si Olalia at iba pa. Malaki ang posibilidad na magsalubong sa isang prenteng nagkakaisa ang mga isyung dinala nina Castro at ang oposisyon sa "amnestiya" ang mga lider at kasapi ng Partido sa Kamaynilaan.[79] Sa panahon ng pagpapatupad ng mga hakbangin ng pakikipag-usap ng Partido sa gobyernong Quirino para sa amnestiya, maaaring kumilos na ang grupong kontra-"amnestiya" sa iba't ibang anyo ng paglaban sa lideratong Balgos/Lava, na nagsilbi namang tuntungan nitong huli para purgahin ang organisasyon ng PKP sa rehiyong Maynila-Rizal. Kung mayroon mang kinatigan si Olalia sa paglaban sa mga patakarang Balgos/Lava, maaaring ito'y yaong mga intelektuwal na naging kasangga niya sa oposisyon sa patakarang "*retreat for defense*" noong digmaan, at hindi si Castro.[80] Anu't anuman, nagwakas sa indayog ng mga tunggaliang ito ang landasin ni Olalia sa PKP.

Makaraan ang malawakang mga *raid* at pang-aaresto, naglubay ang tunggalian sa pagitan ng dalawang sentro sa kilusang komunista. Ang hiwalay na politburo na itinayo nina Castro, Olalia atbp. ay hindi na muling nabalitaan. Ang liderato naman ng PKP ay lumipat sa "*politburo-out*" at si Jesus Lava, kapatid ng naunang dalawang Lava, ang nanungkulang pangkalahatang kalihim. Nagsimula nang manghina ang PKP at HMB. Humupa ang kilusang manggagawa at umugit ang mapagpasiyang pagkakawatak-watak sa kilusang unyon. Wika ni Olalia: "Mula ng taong 1952, nagsimula na ang pagsulpot ng iba't ibang pederasyon. nagsimula na rin ang pagiral ng maigting paligsahan sa pagtatatag."[81] Kung tutuusin, ito'y nagsimula noon pang 1950-51 nang sinupil ang kilusang paggawa't idineklarang ilegal ang CLO. Sa isang pag-aaral, angkop na binuod ang resulta ng pagkalansag ng CLO:

> *Consequently, some leftist unions affiliated to the CLO went underground. Many of the industrial unions... regrouped themselves while a few others maintained independent status... From the grouping of former CLO afiliates emerged a number of labor federations which incorporated the word "free" in their names... to avoid [government suspicion] and... to show detachment from the leftist groups.*[82]Kayat ang ilang organisasyong kaanib sa CLO ay nag-*underground*. Maraming mga unyong pang-industriya ang nagbago ng kanilang pakikisanib habang ang ilang iba pa ay tumayong independyente. Mula sa grupo ng mga datihang kaanib sa CLO ay lumitaw ang ilang pederasyong nagtaglay ng katagang "*free*" sa kanilang mga pangalan... para umiwas [sa pagdududa ng gobyerno] at ... para ipakitang wala silang ugnayan sa mga grupong maka-"kaliwa."

Sa kabuuan, mula 1950 hanggang 1957, nabago nang malaki ang kaayusan ng kilusang manggagawa. Mayroong 14 na pangunahing pederasyon na itinayo ng iba't ibang tunguhing ideolohikal at pulitikal, kasama na rito ang Philippine Association of Free Labor Unions (PAFLU) na itinayo ni Cipriano Cid noong 1950, at ang National Federation of Labor Unions (NAFLU) na itinayo ni Olalia noong 1957.

**Interregnum: Tungo sa pagsasarili**

Pagkalabas ng piitan, nagpatuloy par rin ng pagkilos si Olalia. "Nagpahinga lang ng ilang linggo,' anang Isabel "Ka Chabeng" Olalia, maybahay ni Bert Olalia. At hinanap ang mga kasamahan sa KKM. Pagpasok ng 1954, muling sumigla ang kanyang pagkilos. Iang bagong organisasyon ang inirehistro noong Disyembre 23, 1953 bilang kapalit ng KKM, ang Confederation of labor of the Philippines (CLP)[84] na sama-samang ipinundar ng mga nakalusot sa dragnet ng militar, sa pangunguna ni Feliciano Reyes. Si Olalia ang nangasiwa ng Lupon sa Organisasyon.

Tulad ng PAFLU, ang CLP ay isa sa mga mahalagang organisasyong tumayo para punuan ang puwang na iniwan ng CLO. Para kina Olalia at Reyes, ang CLP ang talagang nagdala ng militanteng oryentasyong nagmula sa tradisyon ng CLO at KKM. Ngunti, sa katunayan, hindi nito inabor

ang antas ng kamalayan o organisasyon na tinamo ng CLO o ng KKM. Sa kanyang pag-uulat tungkol sa kalagayan ng organisasyon ng CLP, isinaad ni Olalia:

> *Ang CLP ang siyang tunay na pederasyong umiiral ngayon kung ibabambing ang kanyang karanasan at katapatan. Ngunit ang katapatan ay hindi sapat. Sa labat ng bagay, maliban sa katapatan, sipag at karansan, ang CLP ay salat na salat. Ang tunay na pederasyong manggagawa ay yaong nagpupulong upang pag-usapan, magtalakay at magbigay ng paninindigan sa mga iba't ibang isyu, maging ito ay pambayan at pang-kilusang manggagawa upang pagkatapos nito ay maisagawa na puspos nang katapatan at sigla.*[84]

Ngunit hindi rin nagtagal si Olalia sa CLP. Mistulang itinatadhana ng panahon ang pagkakawatak-watak. Makaraan ang dalawang pagtitiwalag at isang pagkakapiit, siya'y lalong gumulang sa kilusang manggagawa. Sa panahong ito, si Olalia'y mistulang nilikha sa larawan ng mga pingkian nito. Kaya't sa CLP, siya'y nangarap ding iukit dito ang (pananaw) ng CLO o KKM. Ang oryentasyon ng rebolusyonaryong taliba, i.e., ng isang partido komunista, ay umugit na sa kanyang kamalayan, ngunit ito'y wala nang ekspresyong pang-organisasyon. Sa kanyang pag-uulat sa CLP, mahihinuha ang paghahanap ng oryentasyong ito, dangan lamang at ang kilusang komunista'y wala na sa kasagsagan ng lakas nito at siya'y nasa labas na ng kung anuman ang nalabi na sa PKP.

Kaugnay ng kawalang ito, naggumiit ang sariling paninindigan ni Olalia. Noong kalagitnaan ng 1957, isang isplit ang naganap sa CLP. Nag-*walkout* si Olalia sa ika-3 kumbensyon nito kasama ang ilang unyon. Ang isyu: ninais niyang tumakbo sa pagkapangulo ng CLP sa kabila ng pagbabawal ng saligang batas nito na manungkulan sa liderato ang isang indibidwal na walang baseng unyon. Maaaring makita ni Olalia ang kanyang kakayanang mamuno sa CLP sa tradisyon ng CLO o KKM, ngunit ito'y hindi ipinagkaloob ng kumbensyon.[85] Isang bagong kabanata sa pagkilos ni Olalia ang ibinukas ng pangyayari. Isinilang ang NAFLU, ang unang organisasyong kanyang sariling itinatag—hiwalay sa pamumuno ng PKP.

## Paglalagom

Mahihinuha sa mga kaganapang inilarawan ang pagkalinang ng indibidwal sa proseso ng galaw ng institusyon. Sa karanasan ni Olalia, mapagpasiya ang mga tunggalian sa PKP noong digmaan at sa maagang bahagi ng mga taong singkuwenta. Iniugit nito ang tunguhin ng pagkilos niya sa mga darating na panahon. Sa kalakhan, ito ay kinatangian ng pagsasarili at kritikal na pakikitungo sa kilusang komunista. Ibinunsod ito ng mga mahayap na tunggalian sa pamunuan ng PKP. Nanatili sa pagkatao ang Marxistang ideolohiya - naging "*second nature*" - ngunit hindi na pumaloob sa partido komunista. Hindi maikakailang namayani sa katauhan ang ideolohikal na diwa ng institusyon ngunit hindi rin maitatatwang may-pagsasarili ang pagkilos ng indibidwal sa loob nito. Patutunayan pa ito sa mga sumunod na kabanata ng kanyang pagkilos sa radikal na kilusang manggagawa.

## Tala

1. James Miller. "Merleau-Ponty's Marxism: Between Phenomenology and the Hegelian Absolute," sa *History and Theory: Studies in the Philosophy of History*, XV,2, Wesleyan University, 1976.
2. Ibid.
3. Rechard Weiner, *Cultural Marxism and Political Sociology* (California Publications, 1981).
4. Miller, p. 131.
5. Ang *Emergency Powers Act* ng 1940 ay kapangyarihang ibinigay kay Quezon ng National Assembly na naglalayong maghigpit sa mga karapatang sibil para sa pagtatanggol ng bansa sa harap ng pasistang agresyon sa daigdig.Nailagdaan ni Quezon ang batas noong Agosto 20, 1940 at tinutulan ng mga radikal at liberal na puwrsa tulad ng Civil Liberties Union of the Philippines. Tingnan si Hernando J. Abaya, *The CLU Story: Fifty Years of Struggle for Civil Liberties* (Quezon City: New Day Publishers, 1987), p. 17-23.
6. Ang Manila Labor Council ay ibinunsod ng PKP at naging malawak na payong para sa mga organisasyong manggagawa sa Kamaynilaan. Ang Katipunang Anakpawis ng Pilipinas (KAP), organisasyon ng PKP sa kilusang manggagawa, ay

pumaloob na lamang sa konsehong ito bilang isang miyembrong organisasyon.

7. Jose Lava (Gregorio Santayana), "Milestones in the Hisotry of the Philippine Communist Party" (Dokumento, 1950), p. 26. Mula rito'y dadaglatin itong "Milestones".

8. Batay sa pakikipanayam kay Godofredo Mallari at Feliciano Reyes. Si Mallari ay kagawad ng Komite Sentral ng PKP noong Digmaan. Si Reyes naman ay aktibista ng PKP sa kilusang manggagawa sa Maynila.

9. Isinalaysay ni Reyes sa may-akdang ito ang kanilang masalimuot na pagtalunton kay Vicente Lava mula Maynila at Antipolo hanggang Bulacan at Zambales.

10. Kamagong: A Dilemma," mga personal na tala ni Olalia tungkol sa Digmaan, walang petsa, p. 3.

11. G.I. Levinson, *The Workers Movement in the Philippines*, 1950, p. 42. Tingnan din ang "Milestones," p. 38.

12. Panayam ng may-akda kay Jose Lava, Marso 31, 1991, Mandaluyong, Metro Manila. Si Jose Lava ang umaktong tagapangulo ng departamento sa organisasyon ng PKP noong 1943, bilang kahalili ni Lazaro Cruz, at pangkalahatang kalihim ng Partido noong 1948-50. Malaki ang kaugnayan ng pagkatalaga niya bilang miyembro ng Manila-Rizal Bureau sa pagpuwesto niya bilang isa sa mga lider ng Manila Labor Council. Tulad ng ibang proyekto ng PKP, ang Manila Labor Council ay pinagsikapan nito na mailagay sa kamay ng mga responsableng kadre na makakatulong sa pagtitiyak ng pamumuno ng Partido sa kilusang mangagawa sa Maynila. Sa pagkakataong ito, si Olalia'y hindi lamang isang lider-manggagawa sa Kamaynilaan kundi isa na ring responsableng elemento sa organisasyon ng PKP sa rehiyon. Bukod dito, kinilala rin ng Partido ang kakayanan niyang makisalamuha sa mga "burges na pulitiko" at sa mga intelektuwal, na taglay ng kayang personalidad.

13. Si Olalia ay umunlad bilang lider-unyon at aktibista ng PKP noong mga taong '30. Tingnan ang artikulo ng may-akdang ito: "Bert Olalia: Mga Tala sa mga Pook ng Pagkahubog, 1917-1940" sa *Diliman Review*, 40: 1, p. 32-40.

14. Malamang na ang buong-panahong pagkilos niya para sa kilusang komunista'y itnulak ng pagpapaloob sa kanya sa

Partido. ayon sa kanya'y ilang mga chinelero't sapatero muna ang naipasok sa Partido bago siya naipaloob. Isang karaniwang palatandaan ng kasiglahan ng pagkilos para sa partido ang buong-panahong pagtatalaga ng sarili para sa organisasyon.

15. Si Lazaro Cruz ay tagapangulo sa departamento ng organizasayon ng *second front* ng PKP noong 1942, samakatuwid, humahawak ng pangalawang pinakamataas na katungkulan.

16. "Kamagong," p. 3.

17. Apat na mga Lava ang sunud-sunod na nanungkulan bilang pangkalahatang kalihim ng PKP: una'y si Vicente Lava, noong 1942-44; sumunod si Jose Lava noong 1948-50; pagkatapos ay si Jesus Lava noong 1950-64; pinakahuli'y si Francisco Lava, Jr., noong 1967.

18. Tinutukoy dito ang pagtitiwalag sa mga lider ng PKP na lumaban sa mga partikular na patakaran nito sa ilalim ng pamumuno ng mga Lava.

19. Ipinadala si Olalia sa Nueva Ecija para magsanay sa pakikidigmang gerilya.

20. Katumbas ng isang *squadron* ang isang kumpanya, binubuo ng humigit-kumulang na isangdaang katao.

21. Panayam kay Reyes.

22. "Kamagong," p. 4.

23. Ang *Free Philippines* ay mimeograp na pahayagan ng FREE PHILIPPINES, isang lihim na organisasyon ng mga liberal na pulitiko't intelektuwal (Lorenzo M. Tanada, JBL Reyes, Cipriano Cid, atbp.) na itinayo noong Digmaan para labanan ang gobyernong Hapon sa pamamagitan ng kontra-propaganda. Ayon kay Hernando Abaya, ito ang unang lihim na pahayagan na hindi lamang naglalantad sa dalawahang-mukhang pamamalakad ng mga Hapon dungi nagsisiwalat din ng mga kolaboreyto na Pilipino sa matataas na posisyon sa gobyerno at negosyo. Tingnan si Abaya, p. 38-42.

24. Sa ilang pagkakataon ng pagpupulong ng Komite Sentral, isinasama ang mga kasaping ("*alternate*") inaasahang magiging regular na kagawad nito. Batay sa pakikipag-usap kay Jose Lava, si Olalia ay hindi na malayo sa panunungkulan bilang kagawad ng Komite Sentral.

25. Jose F. Lacaba, " Felixberto Olalia: Grand Old Man of Philippine Labor." *Mr. & Ms.*, Jan.12, 1982 (Panayam) p.6.
26. "Milestone, " p.30.
27. Panayam kay Mallari.
28. "Kamagong," p. 4.
29. "Milestones," p. 31.
30. "Kamagong," p. 8.
31. "Milestones," p. 31.
32. Tinutukoy na disiplinang pang-organisasyon sa PKP ang "demokratikong sentralismo," na isang pundamental na tuntunin ay ang pagsunod sa anumang patakaran ng liderato matapos itong ihapag sa puspusang kolektibong talakayan.
33. Ang Central Luzon Bureau ang organo ng PKP na nangangasiwa sa mga operasyon nito at ng Hukbalahap sa Gitnang Luson. Noong Digmaan, ito'y nasa pangangasiwa ni Godofredo Mallari.
34. Ang dalawang intelektuwal ay sina Agustin Rodolfo at Avisnu Gocali, kapwa kilala sa mga pangalang "Gasang" at "Paco." Sila'y parehong propesor sa University of the Philippines, si Gocali ay sa matematika.
35 Dalawang Tsino, kilala sa mga pangalang "Sy" at "Dy," ay nakaugnay sa politburo ng PKP bilang kinatawan ng Chinese Communist Party. Sa isang pag-aaral tungkol sa mga Tsino sa kilusang komunista sa Pilipinas, umiral sa bansa ang isang sangay ng CCP para makipag-ugnayan sa PKP at tumulong sa rebolusyonaryong gawain dito bilang pagsasaalang-alang sa malaking komunidad dito ng mga Tsino. (Justus M. Van Der Kroef) "Philippine Communism and the Chinese," *The China Quarterly*, April-June 1976, p. 115-148.) Ang isa sa mga Tsinong ito ay nakapuslit din sa ***dragnet*** ng mga puwersang Hapon sa Mt. Arayat at ipinapalagay na may papel sa pagbabalangkas ng patakarang "umurong para magtanggol." Anu't anuman, ang kapasiyahan sa patakaran ay mailalagak pa rin sa pananagutan nina Vicente Lava.
36. Ang mga detalye ng patutol ni Olalia at ng dalawang intelektuwal ay isinalaysay ni Jose Lava sa may-akdang ito. Ang mga sirkunstansya naman ng pagpapatupad ng

patakaran ay isinalaysay nina Mallari, Espiritu, Reyes at Baking.

37. Ang departemento sa organisaysyon ("OD") ay nangangasiwa sa patatalaga ng mga tao sa iba't ibang tungkulin ng organisasyon, gayon din sa pagpapataas ng ideolohikal na katatagan at disiplina sa hanay ng mga kadre't kasapi nito.

38. Sa pakikipag-usap ng may-akdang ito kina Jose Lava at Ramon Espiritu, itinatanggi nila na ang dahilan ng patiwalag kay Olalia ay ang pagtutol nito sa patakaran. Hindi na maalala ni Jose Lava ang dahilan ng pagtitiwalag. Ayon naman kay Espiritu, ang dahilan ay ang pagsisiwalat ni Olalia ng tunggaliang ito sa labas ng kanyang kolektibo sa Partido.

39. Panayam kay Mallari.

40. Ayon din kay Mallari.

41. Lacaba, p. 7.

42. Ang kalihiman ay binuo nina Vicente Lava, Jose Lava, Ramon Espiritu at isang Tsino.

43. Sina Jose Lava at Ramon Espiritu ay inatasan ng tungkulin sa Kabisayaan.

44. Hanggang ngayon, nagtataka si Mallari sa resulta ng kumperensya. Ayon sa kanya, siya'y biktima lamang ng mga pangyayari. Umano'y idiniin siyangmga lider ng Partido't Hukbalahap sa Gitnang Luson na pinagbabaan niya ng patakaran. Para sa kanya, ito'y maaaring salamin lamang ng "pagsamba" ng mga lider noon ng PKP kay Vicente Lava. Ayon naman kay Jose Lava, ilang mga lider ng Partido ang nagkwestiyon ng kagaanan ng pagpaparusa sa mga bumuo ng patakaran ngunit hindi naman nila iginiit ang kanilang posisyon. Diumano, sinabi niya sa kanila na siguro'y mahina rin ang pundasyon ng kanilang posisyon laban kina Vicente kung Kaya't ang mga ito'y hindi nila inusig.

45. Lacaba, p. 7. Ayon kay Mallari, ang pagkakatanda niya'y hindi nakadalo si Olalia sa plenum.

46. Lacaba din.

47. Ang Chinese Overseas Bureau ang namamatnugot ng sangay ng CCP sa Pilipinas. Pinangasiwaan ng kawanihang ito ang mga gerilyang Tsinong tinawag na "Hua Chi" na

tumulong sa HUKBALAHAP sa pakikidigmang gerilyalaban sa mga Hapon. Tingnan si Van de Kroef.

48. Panayam kay Luis Taruc, Oktubre 2, 1990, Quezon City. Si Taruc ang tagapangulo ng komisyong militar ng PKP at nuong mga taong '50 ay kinilala bilang "Huk Supremo."

49. Panayam kay Reyes. Ayon kay Reyes, si Olalia'y naging miyembro rin ng Allied Intelligence Bureau, pinagsanib na grupo sa paniniktik ng mga elemento ng USAFFE at HUKBALAHAP.

50. Tinutukoy rito ang kalihimang binuo ng magkapatid na Vicente at Jose Lava at ni Ramon Espiritu. Mainam sanang isangkot sa pagbubuo ng patakaran kaugnay ng Digmaan ang mga lider ng PKP at HUKBALAHAP sa Gitnang Luson na nakabuklod sa Central Luzon Bureau, na tuwirang nasa larangan ng pakikidigmang gerilya.

51. "Kamagong," p. 9.

52. Naging patakaran ng administrasyong Roxas kapwa ang pagpapasuko ng HUKBALAHAP sa kanilang mga armas at pagtugis sa mga yunit nito sa Gitang Luson. Tingnan ang "The Huks in Retrospect: A Failed Bid for Power" sa *Solidarity*, Vol. I, No. 1 & 2, January-July 1985 (Panayam ni F. Sionil Jose kina Casto Alejandrino, Jesus Lava at Luis Taruc). Mainam ding tingnan ang pagtataya nina Renato Constantino at Letizia R. Constantino sa *The Philippines: A Continuing Past* (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1978), pp. 189-225.

53. Si Pedro Castro ay pangulo ng Federacion Obrera de Tabaquera Industria de Filipinas. Siya ang pangkalahatang kalihim ng PKP noong 1946-47. Kabilang sa kanyang paksyon si Jorge Frianeza, na humalili sa kanya noong 1947, at si Geruncio Lacuesta, kagawad din ng politburo at patnugot ng *Katubusan*, upisyal na pahagan ng PKP.

54. Tungkol sa detalye ng tunggalian ng dalawang paksyon, tingnan ang mga sumusunod na akda: Francisco Nemenzo, "An Irrepressible Revolution: The Decline and Resurgence of the Philippine Communist Movement" (Manuskrito, 1984); Francisco Nemenzo, "Rectification Process in the Philippine Communist Movement" sa Lim Joo-Jock at Vani S., eds., *Armed Communist Movements in Southeast Asia* (Hampshire, England: Gower, 1984); Jose Lava, "Milestones"; Communist

Party of the Philippines, "Rectify Errors and Rebuild the Party" (Document, 1968). Tingnan din ang akdang inilathala ang Armed Forces of the Philippines batay sa mga kumpiskadong dokumento ng PKP, ang *The Communist Party of the Philippines* (1961).

55. Kasama ni Olalia sa komiteng nanguna sa pagtatayo ng CLO sina Guillermo Capadocia, Mariano Balgos, Leopoldo Ponelas, Andres Baisa, Sr. at Francisco Cruz, pawang mga lider-manggagawa at mga organisador ng PKP. Sa transpormasyon na ng komite bilang kongreso, nakasama na ang ibang lider-manggagawa't organisador ng Partido na sina Feliciano Reyes, Ramon Espiritu, Martin Bautista, Maximo Magtoto, manuel Joven at Perdor Castro. Tungkol sa CLO at katauhan ng ilan sa mga ito, tingnan ang *Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway: Talambuhay ni Tatang* (Metro Manila: LINANG, 1988), pa. 120-137.
56. Lacaba manuskrito, p. 2.
57. Lacaba din, p. 3.
58. Binuod mula sa mga sumusunod na batis: Philippines, Bureau of Census ang Statistics, *Facts and Figures About Economic ang Social Conditions of the Philippines, 1946-47* Manila" Bureau of Pringting, 1948): Levinson, p. 44; at, panayam kay Reyes.
59. Levinson, p. 47-50
60. Ang Democratic Alliance ay koalisyon ng mga radikal at liberal na grupo't indibidwal na itinayo pagkatapos ng Digmaan bilang elektoral na partido laban sa mga puwersa ng kolaborasyon (sa mga Hapon) na sinimbolo ni Manuel P. Roxas. Ang mga organisasyon ng PKP ay pumaloob sa DA at nakapagpanalo ng dalawang miyembro nito (si Jesus Lava at Luis Taruc) sa Kongreso, kasama ng apat na iba pa, noong 1946.
61. Mainam na sanggunian sina Teodoro A. Agoncillo at Milagros C. Guerrero, *History of the Filipino People* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1973), p. 517-539;
62. Tingnan sina Nemenzo, "Irrepressible Revolution"; Lava "Milestones"; at, Alfredo B. Saulo, "*Communism in the Philippines: An Introduction* (Quezon City: Ateneo Publications Office, 1969). Mula rito'y dadaglatin ang artikulo ni Nemenzo na "Irrepressible Revolution."

63. Tungkol sa pagkahati ng CLO, tingnan ang tala [65] sa ibaba.

64. Ang programang amnestiya ng gobyernong Quirino ay idineklara noong Hunyo 21, 1948 makaraan ang negosasyon sa pagitan ni Luis Taruc at ng kinatawan ni Quirino. Ipinahayag ng programa na "patatawarin" ang mga miyembro ng HUK kapalit ng "presentasyon" ng mga ito ng kanilang sarili sa gobyerno, kasama ang kanilang mga baril ata bala.

65. Ang pagtatayo ng KKM ay maaaring itinulak ng pagtitiwalag sa mga kontra-amnesiya. Naganap ang pagtitiwalag noong mayo-Agosto, 1948 habang ang pagtatayo ng KKM ay sumikad noong Marso-Mayo, 1949 (Mayo 1949, ayon kay Levinson). Sa mga dokumento ng PKP tulad ng "Milestones," kinulumpon ang mga hakbangin ng mga kontra-amnestiya mula Mayo 1948 hanggang Mayo 1949 na mga dahilan ng isinagawang mga pagtitiwalag noong 1948. Ayon kay Feliciano Reyes, mula nang mangyari ang tunggalian sa amnesyiya at ang sumunod na mga pagtatanggal ng mga kontra-amnestiya, hinadlangan na ng kampong Balgos-Lava ang pagdalo nila nina Castro, Olalia at iba pa sa mga aktibidad ng CLO.

66. "Two Trends, Two Centers" (1949) at "Party Rules of the Stalinist Center of the CPP" (1950). (Mga Dokumento ng hiwalay na politburo)

67. Panayam kay Reyes.

68. Lacaba manuskrito, p. 7.

69. PKP, Organization Bureau, "Pangkalahatang Ulat Pang-organisasyon," Mayo 1950, p. 5.

70. "CLO Disowns Headed by Castro," *Manila Times*, Marso 1, 1949.

71. "Ang Katotohanan sa mga Anti-party," mula sa Republic of the Philippines, Court of First Instance of Manila, Branch 5, "Motion to Dismiss, Criminal Case No. 18392, tinutukoy ang mismong mga talang stenograpiko, dadaglatin itong "Motion to Dismiss."

72. "Irrepressible Revolution," p. 62.

73. PKP, "Coordinate Revolutionary Actities in the Cities and Towns and the Armed Struggle in the Field"

74. Walang may-akda at pamagat, dokumento sa loob ng PKP na bumabatikos sa mga sumusunod na resolusyon ng PKP: 1) Resolution Adopted by the Enlarged Conference of the Political Bureau held January, 1950; 2) Aggressively Project the Party Leadership over the Struggle for National Liberation; 3) Hasten the Tempo of our Revolutionary Work. (Walang pamagat, walang petsa, nilagdaang "Ilang mga Kasamang Nagmamahal sa PKP.") Ipinapalagay ng may-akdang ito na ang dokumentong ito'y isinulat ng hiwalay na politburo batay sa dinadalan nitong linya't panawagan.
75. Panayam kay Ka Chabeng.
76. "Motion to Dismiss," p. 14.
77. Panyam kay Mallari.
78. "Two Trands," p. 15-18.
79. Ayon kay Jose Lava, ginamit lamang ni Pedro Castro ang linyang ito para labanan ang kumperensyang Mayo 1948 at ang buong liderato ng PKP na noo'y nasa pamamatnugot ni Balgos.
80. Ipinapalagay ng may-akdang ito na ang dalawang intelektuwal na sina Gacali at Rodolfo ay maaaring nagbigay ng makabuluhang impluwensya sa pag-unlad ni Olalia bilang isang komunista kung isasaalang-alang na sila'y magkakabalikat sa dalawang pangunahing usaping ideolohikal at pulitikal sa pamumuno ng PKP sa rebolusyon.
81. CLP, Lupon sa Organisasyon (ni FSO), "Ulat Mayo 1956-Abril 1957," p. 3.
82. Elias T. Ramos, *Philippine Labor Movement in Transition* (Quezon City: New Day Publishers, 1976), p. 35.
83. Panayam kay Reyes.
84. CLP (FSO) "Ulat," p. 4. Ganito rin ang palagay ni Feliciano Reyes.
85. Panayam kay Reyes.

•••


Felixberto 'Ka B
Dakilang Lider M
NAFLU
WE ARE AGAINST
THE REVISION OF
NAFLU
BIGYAN NG
TRABAHO
WALA!